

Ateneo de Manila University

Archium Ateneo

Filipino Faculty Publications

Filipino Department

2009

Ang Sining ng Saling-awit: Kasaysayan, Proseso, at Pagpapahalaga

Michael M. Coroza

Follow this and additional works at: <https://archium.ateneo.edu/filipino-faculty-pubs>



Part of the Translation Studies Commons

Ang Sining ng Saling-awit: Kasaysayan, Proseso, at Pagpapahalaga

ni

Michael M. Coroza

Department of Filipino
School of Humanities
Ateneo de Manila University
Philippines

mcoroza@ateneo.edu

Karapatang-Ari © 2009

Pagpapahalagang tinatanggap sa pag-aaral na ito na may mahigpit na ugnayan sa pagitan ng awit at tula. Maaaring ituring at pag-aralan ang teksto ng isang kanta bilang isang tula. Ayon nga kay Flora A. Ylagan sa kaniyang *Mga Awiting Bayan ng Tagalog* (1938): “Kung susuriin ang mga kantahing-bayan ay tunay na ito’y mga tula na may palatandaan ng mga lalong kinakailangan ayon sa mga dalubhasa, gaya ng tanging indayog, matatamis na pananalita, pagkakatula-tula at mga gintong isipan.”¹ Kabilang sa mga dalubhasang tinutukoy ni Ylagan sina Lope K. Santos, Julian Cruz Balmaseda, at Iñigo Ed. Regalado na sa kani-kaniyang pag-aaral sa sining ng Tulang Tagalog ay nagsabi na ang mga sinaunang anyo ng tula sa Filipinas ay kinakanta.²

Kaugnay na paliwanag ni Bienvenido Lumbera hinggil dito: “the difference between a poem and the text of a song must have been very slight, if a distinction was made at all. It is likely that the Tagalogs classified their songs according to melody and occasion, so that the texts, when found without music, could pass for poetry.”³ Sa kabilang banda, ganito naman ang pananaw ni Virgilio S. Almario: “Noong araw, inaawit ang tula ng mga Tagalog. Hindi sapagkat iisa ang tula at awit. Ngunit waring may kalapat na himig ang mga tula o nililikha alinsunod sa

¹ Flora A. Ylagan, *Mga Awiting Bayan ng Tagalog* (Maynila: Bureau of Printing, 1939), 10.

² Tingnan ang kani-kanilang pag-aaral sa Tulang Tagalog: Balmaseda, Julian Cruz. *Ang Tatlong Panahon ng Tulang Tagalog: Pag-aaral sa Kasaysayan at Pagkaunlad ng Tulang Tagalog*. (Maynila: Bureau of Printing, 1938); Regalado, Iñigo Ed. *Ang Panulaang Tagalog*. (Maynila: Bureau of Printing, 1947); Santos, Lope K. *Peculiaridades del Poesia Tagalo*. (Maynila: Bureau of Printing, 1939).

³ Bienvenido Lumbera, *Tagalog Poetry 1570-1898, Tradition and Influences in its Development* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1986), 21.

mga takdang himig. Kaya't kung sabihin na may sinaunang tula ukol sa bawat gawain at yugto sa buhay ng tao, lumilitaw na may gayon ding bilang at uri ng sinaunang awit."⁴

Sa layunin ng kasalukuyang pag-aaral, kapuwa tinatanggap ang paliwanag nina Lumbera at Almario. Mahihinuha mula sa kanilang mga pahayag na bagaman magkaugnay, sadyang may magkahiwalay na pag-iral ang himig at titik ng isang awit sa tradisyong pabigkas. Ang himig ay nagiging "pre-set melody" o takdang himig para sa iba't ibang sagnong ng tula kapag inaawit. Ganito ang praktis sa pagbasa ng *Mahal na Pasyon* tuwing semana santa. May pinagkakasunduang takdang himig ang mga mambabasa, at ang napagkasunduang ito ang paulit-ulit na ginagamit sa magdamagang pag-awit ng libo-libong sagnong ng pasyon.

Kaugnay nito, naiulat ni Epifanio de los Santos sa kaniyang "Balagtas y su Florante" (1916) ang paraan ng pag-awit sa mga piling sagnong ng *Florante at Laura* (1838) ni Francisco Balagtas ng isang magsasakang nakasakay sa likod ng kalabaw at ng isang babaeng namamangka sa Paombong at Malolos, Bulacan.⁵ Hindi tatawaging "awit" ang anyo ng kanonigong tulang ito kung hindi makakanta ang mga sagnong nito. Binubuo ng apat na taludtod ang bawat sagnong at labindalawang pantig ang bawat taludtod, makakanta ang alinman sa mga sagnong ng *Florante at Laura* gamit ang melodiya ng mga awiting-bayan na "Leron-leron Sinta" ng mga Tagalog at "Atin cu pung Singsing" ng mga Pampango.

Naobserbahan ni Antonio J. Molina ang ganitong praktis o gawi nang pag-aralan niya noong 1940 ang "Jocelynang Baliwag" na lalong kilala sa tawag na "Kundiman ng Himagsikan." Aniya, "Isang kaugalian noong mga panahong yaon ay ang paggamit ng sari-saring tula sa iisang

⁴ Virgilio S. Almario, "Trahedya ng Dalit: Ang Malungkot na Kasaysayan ng isang Awit," *Bulawan 17* (2005): 39.

⁵ Epifanio de los Santos, "Balagtas y su Florante" sa Patricia Melendrez-Cruz at Apolonio Bayani Chua, *Himalay: Kalipunan ng mga Pag-aaral kay Balagtas* (Maynila: Cultural Center of the Philippines, 1988), 55-60.

tugtugin, kaya't hindi sukat ipagtaka na sa himig ng Jocelynang Baliwag ay hindi lamang iisa o dadalawa ang mga tulang naiagpang.”⁶

Panahon ng himagsikan ang tinutukoy na panahon ni Molina. Panahon iyon ng higit at praktikal na pamamayani ng tradisyong pabigkas sanhi ng kasalatan ng mga materyal na magagamit sa paglilimbag, kawalang-kakayahang magbasa ng nakararami, at dahil na rin sa panganib na maaaring kaharapin ng sinumang mahuhulihan ng mga awtoridad na nag-iingat ng subersibong teksto. Hakang paglalarawan nga ni Randy David sa naging pagtanggap ng madla sa una at kaisa-isang isyu ng *Kalayaan*, ang pahayagan ng Katipunan, noong 1896:

We can visualize our ancestors, huddled in their homes around a kerosene lamp, intently listening while someone who can read recites Bonifacio's primal piece 'Ang Pag-ibig sa Tinubuang Lupa.' Or perhaps, more realistically, we can imagine a precious copy of the *Kalayaan*, meticulously folded and reverently passed on from one sympathizer to another. Those who could read would read it, over and over; those who could not would handle it like a talisman....⁷

Sa isang lipunang iniiralan ng tradisyong pabigkas, napakahalaga ng bawat katotohanang binibigkas. Kailangang madaling matandaan at muling mabigkas ang mga katotohanang pinaniniwalaan at batayan ng pagkakatatag at katatagan ng lipunan. Dahil dito, kinailangang umimbento ng mga sinaunang tao ng kasangkapang pabigkas para sa preserbasyon ng mga katotohanan. Obserbasyon nga ni Walter J. Ong sa mga tinatawag niyang *primary oral culture*, “In an oral culture, knowledge, once acquired, had to be constantly repeated or it would be lost: fixed, formulaic thought patterns were essential for wisdom and effective administration.”⁸

⁶ Antonio J. Molina, *Ang Kundiman ng Himagsikan* (Maynila: Bureau of Printing, 1940), 19.

⁷ Randolph S. David, *Nation, Self and Citizenship: An Invitation to Philippine Sociology* (Pasig City: Anvil Publishing, Inc., 2004), 27.

⁸ Walter J. Ong, *Orality and Literacy: The Technologizing of the Word* (London and New York: Routledge, 1982), 24.

Sanhi ng ganitong pangangailangan kaya naimbento ang ritmikong pagsasalita na nagbigay-daan sa pagkakalikha ng tula na may sukat at tugma. Higit sa isang pangangailangang makasining, ang tugma at sukat ng tula ay maituturing na mnemonic device o kasangkapang nagpapadali sa pagsasaulo ng anumang katotohanang dapat na matandaan at maisabuhay ng lahat ng kabilang sa pamayanan. Mnemonic device din ang paglalapat ng melodiya sa mga sagnong ng tula. Sa ganitong paraan, pabigkas o pakantang nauulit-ulit ang katotohanan. Sadyang nasa pagbigkas at pag-uulit-ulit ang kabihasan.

Ang Saling-awit Bilang Tradisyong Pabigkas

Sa isang lipunang may mataas at malakas na tradisyong pabigkas, tulad ng Filipinas, madaling nalalapatan ng tula o titik ang anumang popular na himig o melodiya. Tingnan natin bilang halimbawa ang paggamit sa popular na himig ng “Atin cu pung Singsing,” kantahing-bayan ng mga taga-Pampanga. Bukod sa mga orihinal na berso nito na nasa wikang Pampango, may ilang bersong Tagalog na malaon nang inaawit gamit ang himig nito. Pangunahing matutukoy ang bersong kinakanta-kanta ng mga paslit sa elementarya upang maisapuso nila ang halaga ng matalinong pagpili at pagpapasiya:

Ako ay may lobo, lumipad sa langit,
Di ko na nakita, pumutok na pala.
Sayang ang pera kong ‘binili ng lobo,
Sa pagkain sana nabusog pa ako.

Inaawit din sa himig ng “Atin cu pung Singsing” ang sumusunod na sagnong na marahil higit na sinauna at matalinghaga:

Ako ay nagtanim, kapisasong luya,
Sumibol ay gabi, namunga ng mangga,
Nang pipitasin ko, hinog na papaya,
Lumagpak sa lupa, magandang dalaga.

Taglay ng saknong na ito ang parikala at balintuna na pangunahing katangian ng higit na popular na “Doon po sa Amin” na may iba’t ibang bersiyong malaganap na kinakanta sa Katagalugan.⁹ Kamangha-mangha kung paanong ang itinanim na luya ay naging gabi, namunga ng mangga na naging papaya nang mahinog, at naging magandang dalaga nang malaglag. Isa itong malaking anomalya sa realidad ng mga bagay. Isang misteryo o kababalaghang sumasalamin sa hugis ng mitolohikong katutubong kamalayan na nagtatanghal sa mga bagay na karaniwan o bahagi ng pang-araw-araw na karanasan sa paraang mahiwaga at nagmimistulang di-pamilyar kagaya ng makikita sa mga sinaunang bugtong at salawikain.

Dahil parehong binubuo ng mga saknong na nasa anyong awit—may apat na taludtod na may tiglalabindalawang pantig, puwedeng kantahin ang saknong na ito gamit ang melodiya ng “Doon po sa Amin” o ang “Doon po sa Amin” gamit ang melodiya ng “Atin cu pung Singsing.” Ang totoo pa, maaari ring kantahin ang mga ito gamit ang melodiya ng “Leron Leron Sinta.” “Jocelynang Baliwag,” at iba pang kantang may letra o liriks na nasa anyong awit.

May dalawa pang popular na bersong Tagalog na inaawit din sa himig ng “Atin cu pung Singsing.” Marahil inaawit ito sa konteksto ng pagliligawan dahil nagsasagutan ang lalaki at babae hinggil sa masasamang katangiang inaayawan nila sa nanliligaw o nililigawan. Iniaalingawngaw ng ganitong masisteng sagutang patula ang tradisyonal na balitaw ng mga Bisaya o duplo at Balagtasang mga Tagalog:

Lalaki:

Ayokong-ayokong umibig sa iyo
Sapagkat ikaw raw ay maraming nobyo;
May pang-araw-araw, may panlinggo-linggo,
Bukod ang pam’yesta, bukod ang Pamasko.

⁹ Pinakapopular na bersiyon nito ang tungkol sa apat na pulubi: “Doon po sa amin, bayan ng San Roque, / May nagkatuwaang apat na pulubi: / Sumayaw ang pilay, umawit ang pipi, / Nanood ang bulag, nakinig ang bingi.”

Babae:

Ayokong-ayoko sa lalaking tamad,
Susugal-sasabong, iinom ng alak;
Pagdating ng bahay, babali-baligtad,
Ang pobreng asawa ang s'yang binababag.

Malayong-malayo ang sinasabi ng mga bersong ito sa sinasabi ng mga orihinal na berso sa wikang Kapampangan:

Atin cu pung singsing, metung yang timpucan,
Amana que iti quing Indung ibatan;
Sangcan queng sininup queng metung a caban,
Mewala ya iti e cu camalayan.

Ing sucal ning lub cu, susucdul qng banua,
Picurus cung gamat babo ning lamesa;
Ninu mang manaquit quing singsing cung mana,
Calulung pusu cu manginu ya queca.

(Ako ay may singsing, hiyas na mainam,
Minana ko ito kay Inang minulan;
Kaya't sininop ko sa isang sisidlan,
Subalit nawalang di ko namalayan.

Ang sama ng loob ay sukdol sa ulap,
Magkakrus sa mesa yaring mga palad;
Sa makakakita ng singsing kong hanap,
Mamamanginoon ang puso kong hamak.)¹⁰

Melodiya na lamang talaga ang hawig sa orihinal. Gayunman, dahil iniangkop lamang ang liriks sa melodiya, hindi talaga isinunod sa orihinal na bigkas ng mga salita sa Kapampangan, naiba ang halaga o kumpas ng mga nota sapagkat isinunod sa bigkas ng mga salita sa Tagalog. Alinsunod sa liriks na Kapampangan, ganito ang bagsak ng mga nota sa unang taludtod kung ipapalakpak: | 1-2 | 1-2 | 1 | 1 | 1-2-3 | 1 | 1 | 1 |. Ang sa “Ako ay nagtanim, kapisasong luya” ay ganito: | 1-2-3 | 1 | 1-2 | 1-2-3 | 1 | 1 | 1 |. Ang sa “Ako ay may lobo,

¹⁰ Salin ko.

lumipad sa langit” ay ganito: | 1-2-3 | 1 | 1 | 1 | 1-2-3 | 1 | 1 | 1 |. Ang sa “Ayokong-ayokong umibig sa iyo” ay ganito naman: | 1-2-3 | 1 | 1 | 1 | 1-2-3 | 1 | 1 | 1 |.

Kung sa bagay, maging ang liriks sa Kapampangan ay mahahalatang hindi rin sumusunod sa halaga o kumpas ng mga nota. Tingnan ang unang linya ng ikalawang saknong ng orihinal na bersiyong Kapampangan: “Ing sucal ning lub ko, susucdul qng banua.” Ganito ang kumpas nito kung ipapalampak: | 1-2-3 | 1 | 1 | 1 | 1-2-3 | 1 | 1 | 1 |. Hindi rin kaparehong-kapareho ng unang linya ng unang saknong: | 1-2 | 1-2 | 1 | 1 | 1-2-3 | 1 | 1 | 1 |.

Mahihinuha mula rito na sa umiiral na tradisyong pabigkas, hindi ang liriks o berso ang sumusunod sa melodiya. Melodiya ang isinusunod sa letra. Taliwas ito sa paniniwala ni Levi Celerio, Pambansang Alagad ng Sining sa Musika at Panitikan at pangunahing tagapagletra ng mga bantog na awiting Filipino. Aniya, “Lyrics must be so articulate that the poet’s diction match the composer’s beat. The score sheet must give principal emphasis on spelling as stress: *bukas* as tomorrow, *bukas* as open, for instance.”¹¹ Dahil sumailalim sa propesyonal na pagsasanay bilang musiko, tumutugtog siya ng biyolin at nagbabasa ng nota, talagang sinusunod niya ang kumpas ng nota kapag naglalapat ng liriks sa isang komposisyon.

Ngunit iba ang sitwasyon para sa mga makata o mambebersong gumagawa ng liriks ng kanta. Papantig o silabiko kasi, hindi aksentuwal, ang umiiral na tradisyon sa tulang Filipino. Ibig sabihin, bilang ng pantig lamang ang isinasaalang-alang, hindi ang diin o bigkas ng mga salita. Halimbawa, kung ang kumpas ng nota ay | 1 | 1 |, dalawang pantig lamang talaga ito, at para sa isang tradisyonal na mambebersong Tagalog, na hindi nagbabasa ng nota, malalagyan ito ng anumang salitang may dalawang pantig. Kung ang salita ay “gabi” (na kabaligtaran ng araw), ang magiging bigkas nito ay GA-bi sa halip na ga-BI kapag kinantang sumusunod sa kumpas ng

¹¹ Levi Celerio, “Celerio on Celerio” sa Isagani R. Cruz, ed., *In Our Own Words: Filipino Writers in Vernacular Languages* (Maynila: De La Salle University Press, Inc., 2000), 88.

nota. Halamang-ugat ang GA-bi, hindi kabaligtaran ng araw. At kung ganito ang letra, iminumungkahi ni Celerio ang pagnanakaw ng kumpas. Ibig sabihin, sa halip na gawing | 1 | 1 |, kailangang gawing | 1-2 | upang hindi maging GA-bi ang ga-BI. Tradisyong pabigkas ang ganitong praktis ng pagnanakaw ng kumpas na malaganap na kinakasangkapan sa pagbasa ng pasyon: isinusunod ang melodiya sa letra, hindi ang letra sa melodiya.

Tingnan pa bilang halimbawa ang ganitong kaso. Kung ang kumpas ay | 1 | 1-2 | 1 | 1-2 | at ang letra ay “mamamatay ako” (papanaw ako). Kung susundin ang nota sa pagkanta, ang magiging bigkas ay “MA-mama-TAY ako” sa halip na “ma-MA-matay ako.” Taong kumikitil ng buhay ng kung sino ang MA-mama-TAY, hindi ang taong mawawalan ng buhay. Upang maiwasto ang bigkas, kailangang magnakaw ng kumpas. Sa halip na | 1 | 1-2 | 1 | 1-2 |, kailangang gawing | 1-2 | 1-2 | 1-2 |.

Ganito rin ang kaso sa isang bahagi ng ating Pambansang Awit, na isa sa mga pangunahing halimbawa ng saling-awit. Ang bahaging “sa dagat at bundok” nito, alinsunod sa orihinal na komposisyon ni Julian Felipe at sa liriks na Kastila ni Jose Palma, ay may kumpas na | 1 | 1-2-3 | 1-2 |. Kung susundin ang kumpas na ito, magiging mabilis sa halip na malumay ang bigkas ng salitang “dagat.” Kaya nga kapag kinakanta ito ng mga namihasang sumunod sa kumpas, mapapansin na ang pariralang “sa dagat at bundok” ay nagiging “sa dagatat bundok.” Sa kabilang banda, para sa mga bihasa sa tradisyong pabigkas, kailangang magnakaw ng kumpas upang masambit nang wasto ang salitang “dagat.”

Dahil sa kaluwagan ng praktis na papantig o silabiko sa pananaludtod, naging napakadali sa tradisyong pabigkas ang paglalapat ng liriks sa kahit na anong melodiya. At hindi krimeng isinasakdal o pinarurusahan ang pagnanakaw ng kumpas. Ang totoo, sa tradisyong pabigkas, kasalanang mortal ang hindi pagnanakaw ng kumpas. Ang sumusunod na liriks ay patunay kung

gaano kabukas ang tradisyong ito sa maraming posibilidad ng paglikha. Gamit pa rin ang melodiya ng “Atin cu pung Singsing,” lumikha si Levi Celerio ng isang naratibo tungkol sa babaeng ibig ipakasal isang mayaman sa kabila ng pagkakaroon niya ng nobyo, na tulad sa karaniwang kuwento ay isang mahirap kaya hindi matanggap ng kaniyang mga magulang. Isinaplaka ito ni Sylvia La Torre sa Villar Records, si Leopoldo Silos ang nag-areglo ng musika para sa sumaliw na orkesta:

Nagtaka ang nanay sa suot kong singsing,
‘Tinanong na pilit kung saan nanggaling.
Ang sagot ko’y “alay ng mahal kong giliw,
Na tanda ng sumpang di na magmamaliw.”

Ngunit ang sabi n’ya, “Mahiya ka, iha,
Sa suot mong wari’y laruan sa apa;
Ang binatang tunay sa kanyang pagsinta
Ay di mag-aalay ng abang tumbaga.”

Sa pintas ng nanay sa suot kong singsing,
Patak ng luha ko’y di mapigil-pigil
Pagkat di n’ya tantong ang mahal sa akin,
Isa lamang pobre na walang makain.

At sinabi pa n’ya, “Ikaw ay maghintay
Sa binatang big shot, gusto ng ‘yong tatay;
May brilyanteng singsing sa ‘yo’y iaalay
Kung ika’y sasama sa harap ng altar.”

Nabasa ng luha ang suot kong singsing,
Para kong nakita ang kawawang giliw
Na kahit na dukha, hindi magtataksil,
Di ko ipapalit sa magarang singsing.

Bakit sa suyuan, madalas ay ganyan?
Kayamanan lamang ang malimit tingnan.
Sa ganang akin nga, di ko ipapantay
Sa brilyante’t ginto ang pagsuyong tunay.¹²

¹² Katutubong Himig-Levi Celerio, “Singsing” sa *Waray-waray*, inawit ni Sylvia La Torre, Villar Records MLP 5161, walang petsa, long playing album.

Nabaligtad sa naratibong ito ang kuwento ng nawawalang singsing sa orihinal na bersiyong Kapampangan. Dito, pinintasan ng ina ang singsing na alay ng isang dukhang mangingibig sa kaniyang anak na dalaga. Nauwi sa isang tipikal na banghay at tunggalian na namayani sa mga katha sa bungad ng siglo dalawampu ang lahat. Iniaalingawngaw ng mga bersong ito ang kaso ng pag-iibigan nina Delfin at Meni sa *Banaag at Sikat* (1909) ni Lope K. Santos o nina Marcos at Anita sa “Walang Panginoon” (1930) ni Deogracias A. Rosario. Kung isusulong pa, itinatanghal sa kanta ang kritika sa tradisyonal at elitistang paniniwala sa pagpapakasal. Kaya nga kailangang maggiit ang persona sa huling saknong, sa himig na didaktiko, ng isang retorikong tanong.

Gaya ng nabanggit na, ang Pambansang Awit ng Filipinas ay sumailalim din sa proseso ng saling-awit. Sinulat ni Jose Palma sa Kastila ang unang liriks nito na kilala bilang “Himno Nacional Filipino.” Noong panahon ng Amerikano, naisalin ito sa Ingles, at noong magtatapos lamang ang dekada limampu nabuo ang bersiyon sa Filipino na inaawit natin sa kasalukuyan matapos maunang magpanukala ng sari-sariling bersiyon ang mga makatang tulad nina Julian Cruz Balmaseda at Cirio H. Panganiban. At dahil sa popularidad ng Pambansang Awit, hindi ito napatawad ng ilang malikhaing isip na naglapat dito ng mga kalokohang liriks. Noong paslit pa ako sa Lungsod ng San Pablo sa Laguna, narinig ko sa mga kamag-aaral ko ang ganitong berso na inaawit sa himig ng Pambansang Awit:

Bayang magiliw,
Isang pal’yok na kanin,
Sino’ng kumain?
Si Pedrong duling.
Bakit naduling?
Pinaltok ng saging.
Bakit pinaltok?
Matigas ang tuktok.
Bakit matigas?
May lamang bigas.

Higit na nauna, sa tingin ko, ang sumusunod na pilyong liriks na inilapat din sa Pambansang Awit ng mga taga-Sorsogon:

Land of the morning,
Butitihon si Trining,
Sayo si Duday,
Hurubag an puday.

(Land of the morning,
Si Trining mabulate,
Si Duday naman,
Namamaga ang puke.)¹³

Kadalasan, ang ganitong mga berso ay bunga ng subersibong pag-iisip. Buháy na buháy sa ganitong mga teksto ang isang sinaunang kamalayan, isang persona na kinilala ni Florentino Hornedo bilang karaniwang tao o taumbayan. Paliwanag ni Hornedo:

The persona of the narrative literature of the original folk is the taumbayan. He does not have much reverence for royalty and the nobility. He appears to think that he knows better than the ruling class. While he admires their power and wealth—even awed by their social position—he nonetheless freely criticizes and lampoons the ruling class manners. His humor is outrageous, and politically, his is an independent mind.¹⁴

Bahagi ng tradisyong pabigkas ang personang ito. Bagaman sinuheto ng mga mananakop, patuloy na nabuhay o umiral ang ganitong kamalayan sa mga “pusong” sa komedya, sarsuwela, at maging sa mga soap opera at higit na kontemporaneong teleserye o telenobela. Kamalayan ito na nagkaroon ng representasyon sa mga pilyong awit nina Atang de la Rama at Vicente Ocampo, Kathy de la Cruz, Andoy Balunbalunan at Dely Fernando (Atay-atayan) noong panahon ng kolonyalismong Amerikano, sa mga awit nina Pugo at Togo, Bentot, Rosita de la Vega, Reycards noong dekada limampu at animnapu, sa mga awit nina Yoyoy Villame, Max Surban,

¹³ Mellie Landicho Lopez, *A Handbook of Philippine Folklore* (Quezon City: The University of the Philippines Press, 2006), 287.

¹⁴ Florentino Hornedo, *Culture and Community in the Philippine Fiesta and other Celebrations* (Maynila: University of Santo Tomas Publishing House, 2000), 85.

Big Three Sullivans, at Tito, Vic & Joey noong dekada pitumpu at walumpu, at sa mga awit nina Andrew E. at iba pang banda o soloista sa pagtatapos ng siglo dalawampu at sa bungad ng siglo dalawampu't isa. Mababakas sa mga awit nila ang mayamang tradisyon ng sistena, ayon kay Virgilio S. Almario, ay sandata ng makata “upang matibag ang moog ng kairalan, masansala ang awtoridad ng lumang paniniwala, at mapalaya ang tao sa dogmatikong pagsunod sa datihang gawi't ugali.”¹⁵

Ang mga katangiang ito ng tradisyong pabigkas ng Filipinas ang mahalagang maisaalang-alang sa pagpapahalaga sa saling-awit bilang malikhaing proseso. Hindi ito isang pangongopya lamang at hamak na indikasyon ng kawalan ng orihinalidad. Isang dinamikong proseso ito ng pag-angkat o paghiram, isang pag-angkin na kaugnay ng tinatawag na “naturalisasyon” ni Virgilio S. Almario. Sa prosesong ito, aniya, “nagiging masakap at malikhain ang Katutubo upang gamitin ang Banyaga tungo sa pagsigla at panibagong buhay ng sarili nitong tradisyon.”¹⁶

Hindi nalalayo sa posisyong ito ni Almario ang sinabi ni Rolando S. Tinio hinggil sa paghalaw sa mga letra ng mga popular na banyagang kanta sa Tagalog o Filipino:

Translating foreign pop songs into Filipino is not intended as an exercise in fad mongering or yellow music making. Rather, it is an attempt to fill up the Pilipino ear with insights into common experience, nuances of thought and feeling and discoveries through the lyric consciousness of the human world (especially the world of love) not ordinarily found in original song writing. The purpose of translation is not to stifle or replace original creation, but to open doors and

¹⁵ Virgilio S. Almario, *Panitikan ng Rebolusyon(g 1896): Isang Paglingon at Katipunan ng mga Akda nina Bonifacio at Jacinto* (Maynila: Sentrong Pangkultura ng Pilipinas, 1993) sa pagkakasipi sa Melacio Cervantes Fabros III, “Ang Panulaan ni Julian Cruz Balmaseda” (Tesis Masteral, University of the Philippines, 1994), 163.

¹⁶ Virgilio S. Almario, “Bagong Pormalismong Filipino: Panimulang Pakana sa Pagbungkal at Pagtatanghal sa Katutubong Poetika at Tradisyon,” panayam na binigkas sa Balay Kalinaw, Unibersidad ng Pilipinas, 9 Marso 1999.

windows for native genius by showing new possibilities and approaches for the Pilipino creator.¹⁷

Isang hamon sa pagkamalikhain ang proseso ng saling-awit. Kaya't hindi kataka-taka kung bakit bukod kay Jose "Ka Pete" Lacaba, marami-rami na ngayon ang makatang nahihilig sa gawaing ito.

Pangrehiyon Patungong Pambansa

Sa Filipinas, maraming kantang mula sa mga rehiyon ang nagkaroon ng pambansang popularidad nang maisaling-awit sa wikang pambansa. Ang "Sarung Banggi" ni Potenciano Gregorio Jr. ng Bicol, halimbawa, ay naging paksang awit ng isang pelikula ng LVN Pictures na pinagtambalan nina Rogelio de la Rosa at Mila del Sol noong 1947. Sabihin pa, ang "Isang Gabi" na saling-awit ni Constancio de Guzman ay inaawit-awit ng mga Filipino hanggang sa ngayon habang patuloy na kinakanta ng mga Bikolano ang mga orihinal na bersong inakda ni Gregorio sa kanilang sariling wika. Ganito rin ang kaso ng "O, naraniag a bulan" na isang katutubong awit mula sa Ilokos. Patuloy na inaawit ito ng mga Ilokano sa sarili nilang wika ngunit inaawit ito ng buong bansa bilang "O, Maliwanag na Buwan" na saling-awit na likha rin ni Levi Celerio at pinatanyag sa plaka ng Cebuanang mang-aawit na si Pilita Corrales. Maging ang "Matud Nila" na likha ng Cebuanong si Ben Zubiri ay isinaplaka ni Pilita Corrales at lalong napatanyag sa buong kapuluan bilang "Ikaw na Lamang" sa pagkakahalaw muli ni Levi Celerio.

Isa na marahil sa pinakatanyag at walang kamatayang Pamaskong awit sa Filipinas ang "Maligayang Pasko at Manigong Bagong Taon" na lalong kilala sa tawag na "Ang Pasko ay Sumapit." Mula nang maisaplaka ito ni Ruben Tagalog sa saliw ng orkesta ni Dominic

¹⁷ Rolando S. Tinio, maikling tala sa Celeste Legaspi, *Celeste: Popsongs Translated into Tagalog by Rolando S. Tinio, National Artist, Vicor Music VCD-SA-010, 2005, CD.*

Salustiano noong 1954, lahat halos ng sumikat na mang-aawit na Filipino, soloista man o pangkat, at maging mga instrumentalista, ay nagkaroon ng sariling bersiyon sa plaka, tape, o CD ng kantang ito—Celeste Legaspi, Joey Albert, Ogie Alcasid, Ryan Cayabyab, Alpha All Stars, Bayanihan, Madrigal Singers, Relly Coloma, Mabuhay Brass Band, Malabon Brass Band, Manila Philharmonic Orchestra, Warsaw Philharmonic Orchestra sa pagkumpas ni Redentor Romero, at marami pang iba. Huwag nang banggitin ang mga bata at di-gaanong bata o matanda na nagbabahay-bahay gabi-gabi sa bungad pa lamang ng Disyembre upang mangaroling. Laging bahagi ng kanilang repertoire ang kantang ito, pambungad at panggulat man o pangwakas na awit na tila isang taimtim na panalangin at hiling na maging masagana at makulay nawa ang Pasko ng lahat lalo na ng may-ari ng bahay na nag-aginaldo kahit papaano.

Si Levi Celerio ang lumikha ng letra ng awit na ito. Isa ito sa kaniyang mga obra na madalas tukuyin kung ibig ipamalas o igiit ninuman ang kaniyang husay sa pagleletra ng kanta. Noong nabubuhay pa siya, pabirong ibinabahagi ni Celerio sa sinumang makaumpukan na kapag may mga nananapatan o nagkakaroling sa kaniyang tinitirahan, sinasabi raw niya sa mga namamasko na siya ang dapat bigyan ng aginaldo dahil siya ang gumawa ng kinakanta ng mga ito. Mapagpahiwatig na pahayag ito ni Celerio na sa Filipinas, hindi napag-uukulan ng sapat na pagkilala ang mga manlilikhang tulad niya.

Gayunman, kung hindi nabibigyan ng nararapat na pagpapahalaga si Celerio bilang tagapagletra ng “Ang Pasko ay Sumapit,” lalong hindi napag-uukulan ng pagkilala ang umakda ng musika at orihinal na letra ng awit na ito sa wikang Cebuano—sina Vicente Rubi at Mariano Vestil. Si Vicente Rubi, na lalong kilala sa bansag na Noy Inting sa Cebu, ang lumikha ng himig ng kantang ito noong 1933 para sa isang dulang-lansangan na may eksenang kinatatampukan ng pananapatan o karoling. Ang kapitbahay niyang si Mariano Vestil ang naglapat ng letra at

napabantog mula noon ang Pamaskong awit na ito sa buong Kabisayaan bilang “Kasadya ning Takna-a” (Kay Saya ng Panahon). Dekada singkuwenta nang bilhin kay Rubi ng Mabuhay Records Corporation, na lalong kilala sa tawag na Villar Records na pinakamalaking kompanya ng plaka sa Filipinas nang mga panahong iyon, ang karapatang maisaplaka ang awit na ito. Ngunit maliban sa halagang isang daan at sampung piso at dalawampu’t limang sentimo (Php 110.25) na tinanggap ni Rubi bilang royalty noong 1967, wala na siyang iba pang natanggap hanggang sa mamatay sa sakit na kanser noong 1980. Isang taon pagkaraan niyang mamatay saka lamang siya binigyan ng parangal bilang kompositor ng “Kasadya ning Takna-a” ng Cebu Arts Foundation at ng Lalawigan ng Cebu.¹⁸

Lalong walang natanggap ni singko at kapurit na pagpapahalaga ang orihinal na nagletrang si Mariano Vestil na sumakabilang buhay noong 2004.¹⁹ Hindi maikakailang dahil sa naging popularidad ng letrang Filipino ng kanta, nawalan si Vestil ng pagkakataong makilala at pahalagahan ng madla. Sa isang banda, mukhang naagaw ni Celerio kay Vestil ang karangalang makilala bilang lirisista ng tanyag na kanta. Gayunman, hindi maisisipi kay Celerio ang katanyagang inani ng letrang Filipino na inilapat niya sa awit. Sa proseso ng pagsasaling-awit, ang rehiyonal ay naging pambansa. Katotohanang kinakanta pa rin ng mga Bisaya hanggang ngayon ang “Kasadya ning Takna-a” sa orihinal na bersiyong inakda ni Vestil. Gayunman, ang bersiyon sa Filipino na inakda ni Celerio ang inaawit ng buong bansa. Walang pagkakaiba ito sa kaso ng mga kantang Frances o Kastila na nang magtawid-dagat patungo sa Amerika ay naisalin at higit na naging popular sa Ingles tulad ng “La Vie en Rose” at “Besame Mucho.” Ngunit patuloy na inaawit ang mga ito sa orihinal na bersiyon ng mga likas na nagsasalita o nakababatid ng wikang Frances at Kastila. Ang mga Pamaskong awit na gaya ng “Adeste Fidelis” at

¹⁸ Therese Y. Manulat, “The Man Behind the Carol,” *Sun Star Cebu*, 22 December 2003.

¹⁹ Juan L. Mercado, “Mercado: Sterile Sniping,” *Sun Star Cebu*, 10 August 2008.

“Cantique de Noel” ay kilala at inaawit ng halos buong mundo sa mga salin sa Ingles na “O, Come all Ye Faithful” at “O, Holy Night.”

Sa “Ang Pasko ay Sumapit,” ginamit ni Celerio ang orihinal na melodiya na likha ni Vicente Rubi upang lumikha ng isang bagong kantang Pamasko na may saklaw at mensaheng pambansa. Hindi kababanaagan ng anumang pagtatangkang maging tapat sa orihinal na letra ni Vestil ang letra ni Celerio. Ganap na naiba ang sinasabi ng “Ang Pasko ay Sumapit” sa “Kasadya ning Takna-a.” Mainam na makita at mapaghambing ang mga titik na likha nina Vestil at Celerio. Narito ang orihinal na letra ng “Kasadya ning Takna-a” ni Vestil:

Kasadya ning takna-a
Dapit sa kahimayaan,
Maoy among nakita
Ang panagway nga masanagon.
Bulahan ug bulahan
Ang tagbalay nga giawitan.
Awit nga halandumon
Sa tanang Pasko magmalipayon.

Bag-ong tuig, bag-ong kinabuhi
Duyug sa atong mga pagbati
Atong awiton ug atong laylayan
Aron magmalipayon.²⁰

Balikan naman ang letra ng “Maligayang Pasko at Manigong Bagong Taon” o “Ang Pasko ay Sumapit” na likha ni Celerio at unang isinaplaka ni Ruben Tagalog noong 1954.

Ang Pasko ay sumapit,
Tayo ay mangagsiawit
Ng magagandang himig
Dahil sa ang D’yos ay pag-ibig.
Nang si Kristo’y isilang,
May tatlong haring nagsidalaw
At ang bawat isa
Ay nagsipaghandog ng tanging alay.

²⁰ Vicente Rubi at Mariano Vestil, *Kasadya ning Takna-a*, inawit ni Ruben Tagalog at ng Tres Rosas. Villar Records 4-1628, plakang 45 rpm.

Bagong taon ay magbagong buhay
Nang lumigaya ang ating bayan,
Tayo'y magsikap upang makamtan
Natin ang kasaganaan.

Tayo'y mangagsiawit
Habang ang mundo'y tahimik,
Ang araw ay sumapit
Ng sanggol na dulot ng langit.
Tayo ay magmahalan,
Ating sundin ang gintong aral
At magbuhat ngayon
Kahit hindi Pasko ay magbigayan.

Nilikha ang “Kasadya ning Takna-a” para sa isang dula noong 1933. Ginamit ito sa isang eksenang nagpapakita ng pananapatan o karoling. Kaya mahihiwatigan sa titik nito ang gayong sitwasyon. Mapalad ang bahay na inaawitan sa panahon ng lubos na kaligayahang kahawig ng ganap na kaluwalhatian. Sa wari, sa pamamagitan ng kanilang awit, ibinabahagi ng mga nananapatan o nangangaroling sa maybahay na tinatapatan nila ang maluwalhating larawang nakita nila. Mahihiwatigan kung ano ang larawang ito: ang sandali ng pagsilang ni Kristo sa sabsaban, kalong-kalong Siya ng puspos-biyayang si Birheng Maria habang nakatunghay ang manghang-mangha’t galak na galak na si San Jose. Samakatwid, mga pastol silang sumaksi sa pagsilang ni Kristo sa Belen at ibinabalita nila ang pangyayaring ito sa pamamagitan ng kanilang pag-awit. Kaya nga isang makasaysayang awit ang kanilang hatid, awit na makapagpapaligaya sa lahat at makapagdudulot ng bagong buhay sa bagong taon.

Hindi na ito ang sitwasyon sa “Ang Pasko ay Sumapit” ni Celerio. Nang panahong likhain niya ang letra nito, malaganap na tinatangkilik ang mga kantang Pamasko mula sa Amerika. Tanyag na tanyag ang “White Christmas,” “Have Yourself a Merry Little Christmas,” “Silver Bells,” “The Christmas Song,” at marami pang iba na mula sa Amerika at binigyang-buhay ng mga maalamat na mang-aawit tulad nina Bing Crosby at Frank Sinatra. Ang maalamat

ding mang-aawit na Filipino na si Ruben Tagalog ang minarapat na kumanta ni Celerio. Sa pagpapamagat pa lamang, mahihiwatigan na ang kaniyang intensiyon: “Maligayang Pasko at Manigong Bagong Taon.” Ibig niyang lumikha ng kantang sasaklaw sa kabuuan ng pagdiriwang ng Pasko sa Filipinas. Layunin niyang lumikha ng kantang lalagom sa mithi at panalangin ng mga Filipino sa taon-taong pagdiriwang ng Pasko. Hindi na pastol na nakasaksi sa pagsilang ni Kristo sa Belen ang persona ng awit. Isang táong maláy sa halaga ng Pasko ang nangungusap. Dapat tayong magsiawit sapagkat sasapit ang Pasko, ang araw ng Diyos ng pag-ibig. Tulad ni Kristo at ng tatlong haring nagsidalaw, dapat tayong magkaloob ng tanging alay sa isa’t isa.

Sa panimulang obserbasyon, masasabing hawig na hawig ang “Bagong taon ay magbagong buhay” ni Celerio sa “Bag-ong tuig, bag-ong kinabuhi” ni Vestil. Gayunman, kung susuriin, ginawang higit na aktibo ni Celerio ang pahayag. Sa orihinal, makapagdudulot ng bagong buhay sa bagong taon ang pangyayaring inilalarawan sa awit. Sa bersiyon ni Celerio, nagbubunsod ang Pasko ng pagbabagong buhay. Inihandog ng Diyos ang kaniyang Anak sa kaligtasan ng tao. Iginigiit ng letra ni Celerio na dapat magsikap ang tao upang mailigtas ang kaniyang sarili at bayan. Ang kaniyang mga linyang “Bagong taon ay magbagong buhay / Nang lumigaya ang ating bayan” ay bago at mapagbagong paraan ng pagsasabi ng malaon nang kasabihan ng mga Filipino: “Nasa Diyos ang awa, nasa tao ang gawa.” Siyam na taon matapos ang mapangwasak na ikalawang digmaang pandaigdig at nag-uumpisa pa lamang tumindig sa sariling paa ang Filipinas matapos mapagkalooban ng independensiya ng Amerika noong 1946, mahalagang aral para kay Celerio na matutuhan ng mga Filipino ang magsikap para sa kanilang mga sarili upang ganap na makamit ng bansa ang mga minimithi nito. Kaya nga kailangang bigyang-diin sa kaniyang letra: “Tayo’y magsikap upang makamtan natin ang kasaganaan.”

May dadalawang bahagi o sagnong ang “Kasadya ning Takna-a.” Alinsunod sa daloy ng melodiya, inuulit lamang ang unang sagnong matapos awitin ang ikalawa. Sa unang sagnong natatapos ang kanta. May ikalawang sagnong para sa unang bahagi ng melodiya ang “Ang Pasko ay Sumapit.” Sa bahaging ito, isinulong pa ni Celerio ang mga aral na mahalaga para sa mga Filipino lalo’t sariwa pa ang alaala ng panahon ng ligalig na dulot ng digmaan. Kasalukuyang nagaganap noon ang digmaan sa Korea. Dapat sumapit ang araw ng sanggol na dulot ng langit. Walang magaganap na digmaan kung matututuhan at isasabuhay ng lahat ang gintong aral at kung matututuhang magbigayan ng lahat kahit hindi araw ng Pasko. Taliwas sa tuwirang ipinahahayag ng mga tanyag na banyagang kantang “Silver Bells” o “Santa Claus is Coming to Town,” hindi dapat magpakabait lamang ang tao kapag malapit o sumasapit na ang Pasko. Dahil may Paskong malaon nang sumapit (at dapat bigyang-diin na hindi sasapit pa lamang), laging dapat magpakabait ang tao. Isang rebolusyonaryong halimbawa si Kristo upang mapagbago ang mundo.

Mula sa ganitong pagtingin, malinaw kung paanong ang isang awiting buhat sa rehiyon ay sumasailalim sa isang transpormasyon at nagiging malaking kontribusyon sa pagkalinang ng pambansang tradisyon. Bagaman naging kakabit na ng pangalan ni Celerio ang “Maligayang Pasko at Manigong Bagong Taon” o “Ang Pasko ay Sumapit,” hindi makatarungang hindi kilalanin ang mga orihinal na manlilikha nito na sina Vicente Rubi at Mariano Vestil. Isang saling-awit pa rin ito sapagkat may naunang lumikha ng musika at titik. At ang totoo, maaari naman talagang kantahin ang orihinal na letra ni Mariano Vestil kasama ang letrang likha ni Celerio. Ilang ulit nang ginawa ito ng Madrigal Singers sa kanilang Pamaskong pagtatanghal. Salitang inaawit ang mga titik ng “Kasadya ning Takna-a” at “Ang Pasko ay Sumapit.” Higit na naging kaakit-akit at malalim ang dating. Bagaman nasa dalawang wika, iisang maluwalhating

karanasan ng Pasko ang binibigyang-katuturan. Higit sa lahat, dalawang awit na may iisang himig ang mga ito na dapat makita bilang magkatugmang pag-unawa tungkol sa Pasko mula sa punto de bista ng mga Filipino.

Paghalaw sa mga Dayuhan at/o Popular na Awit

Kaalinsabay ng pamumulaklak ng radyo sa Filipinas, namulaklak din ang mga awiting Filipino sa pagsapit ng dekada singkuwenta. Ito ang panahon ng paggigiit ng mga makabansang Filipino ng kanilang sarili matapos ang mahabang panahon ng pagiging sakop ng mga Amerikano. Bagaman siyamnapung bahagdan ng mga palatuntunan sa mga pangunahing estasyon ng radyo tulad ng KZRH o KZPI ay nasa Ingles, nagsisimula nang pumasok sa medium na ito ng pangmadlang komunikasyon ang Tagalog at iba pang mga wika sa Filipinas. Sa Kamaynilaan, *nagkaroon* ng mga palatuntunang nagtatampok sa wika at mga awiting Tagalog. Gayundin, naging patok ang mga soap operang Tagalog tulad ng *Gulong ng Palad*, *Ilaw ng Tahanan*, *Aklat ng Pag-ibig*, at *Prinsipe Amante*.²¹

Dahil sa pag-unlad ng teknolohiya, naglitawan din ang mga kompanya na nagsaplaka ng mga awiting Filipino tulad ng kundiman, balitaw, at danza. Pangunahing kompanya noon ang Mabuhay Records Corporation na lalong kilala bilang Villar Records, ang Mico Records at ang Super Records. Bukod sa pagsasaplaka ng mga awiting orihinal na likhang Filipino, nauso at naging mabenta ang mga awiting halaw o adaptasyon sa mga popular na dayuhang awit na nagmumula sa Amerika at iba pang sentro ng popular na kultura ng daigdig.

Ayon kay Nestor Vera Cruz, kolektor ng mga lumang plakang Filipino at siyang may-ari ng Yesteryear Music Gallery and Café sa Lungsod ng Quezon, kinailangang gawin ang mga

²¹ Elizabeth L. Enriquez, *Radyo: An Essay on Philippine Radio* (Maynila: Cultural Center of the Philippines at National Commission for Culture and the Arts, 2003), 22-29.

pagahalaw upang makapasok ang mga negosyanteng Filipino sa malaking merkado na higit na tumatangkilik sa mga dayuhang awit.²² Sa madali't salita, para kay Vera Cruz, isang estratehiyang pangkalakal ang hakbang na ito. Isang pagsakay sa popularidad ng mga dayuhang awit ang paghalaw upang higit na kumita ang mga kompanya ng plaka. Dagdag pa niya, sinasalo ng benta ng mga kantang adaptasyon ang puhunang nalugi sa pagsasaplaka ng mga orihinal na kantang Filipino. Higit na maliit kasi ang gastos sa pagsasaplaka ng mga halaw kung ihahambing sa pagsasaplaka ng mga orihinal na awiting Filipino. Letra na lamang kasi ang kailangang gawin. Hindi na nangangailangan ng kompositor at tagapag-areglo ng musika. Sa wari, gagayahin na lamang talaga ang lahat mula sa orihinal.²³

Gayunman, ibig kong igiit na napakasimplistiko ng ganitong pagtingin sa isang malawakang praktis na pangkultura. Hindi simpleng panggagaya ang ginawa at patuloy na ginagawa ng mga lirisistang Filipino sa paghalaw o pagsasaling-awit ng mga kantang dayuhan sa Tagalog o Filipino. May nagaganap na naturalisasyon sa buong proseso ng paghalaw. Kailangan lamang unawain ang prosesong ito.

Kung ang pagsasalin ay isang proseso ng pagsasabi sa ibang wika ng kaisipang orihinal na ipinahayag sa isang wika, ang saling-awit ay isang paghalaw o paglilipat na kinasasangkutan ng pagpapalit upang umakma sa pinaglilipatan. Ayon kay Julian Cruz Balmaseda;

Halaw..., ang ibig sabihi'y mga putaputaking dampot sa kasaysayang hinalawan at di isang lubusang salin ng akdang pinagkunan, at sa mga ganitong gawain, ay dito natin makikilala ang di karaniwang talino ng isang humahalaw, kung sa kanyang paghalaw ay mapiga niya ang lahat ng katas na sukat bagang pakinabangan, at maitapon ang lahat ng busal at bunot na di magkakahalaga sa atin.²⁴

²² Nestor Vera Cruz, interbiyu ng may-akda, 20 Oktubre 2006, Quezon City.

²³ Ibid.

²⁴ Julian Cruz Balmaseda, "Bago Magsimula," sa Gerardo Chanco, *Sa Gitna ng Lusak* (Maynila: Limbagan at Aklatan ni P. Sayo balo ni Soriano, 1918), xii.

Hindi nalalayo sa ganitong prosesong pampanitikan ang mga naging praktis sa paghalaw o pagsasaling-awit sa unang anim na dekada ng siglo dalawampu. Kung minsan nga, sadyang nagiging ibang-iba na ang halaw sa pinaghalawan. Tingnan ang kaso ng popular na kantang inaawit-awit ni Katy de la Cruz, ang Reyna ng Bodabil, noong kaniyang kapanahunan sa Manila Grand Opera House, ang “Saging ni Pacing.”

Nagugutom ako, di ka dumarating,
Di pa tuloy ako kumain.
Ang sabi mo, di ka magtatagal
At mag-uuwi ka ng saging.
Wala ka na namang pasalubong
At ginabi ka pa nang malalim, darling.
Siguro ay ikaw, nagdaan pa kay Pacing
Kaya naubos ang saging.²⁵

Walang-walang kinalaman ang sinasabi ng bersong ito sa orihinal na liriks ng kantang ito, ang “I Don’t Know Why.” Higit na umiral ang katutubong pagkamalikhain at pagkamasiste ng sumulat ng liriks na ito. May pinag-uugatang tradisyon sa Filipino ang ganitong kapilyuhan o katatawanan. Isang patuloy na pag-iral ito ng tradisyong pabigkas na pinansin at binansagan ng Heswitang si Pedro Chirino noong ikalabimpitong siglo bilang “barbariko” at “kagagawan ng demonyo.”²⁶ Anyo ng pang-aliw at pagpapatawa ito na nanatili at namukadkad sa mga tauhang “pusong” sa mga komedya, sarsuwela, at paglaon, sa pelikula, at sa mga soap opera sa radyo at telebisyon. Dito nag-uugat ang mga pagpapatawa na pasaling-awit na nagpatanyag kina Dolphy at Panchito noong dekada singkuwenta at sienta, sa *The Big Three Sullivans* at *Tito, Vic, &*

²⁵ Sa pagkakaawit ni Helen Cruz sa *Serenatang Kumbidahan ni Tiya Dely Magpayo*, Manila Broadcasting Company, 2002.

²⁶ Bienvenido Lumbera, *Tagalog Poetry 1570-1898, Tradition and Influences in its Development* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1986), 21.

Joey noong dekada sitenta at otsenta, kina Andrew E. at Michael V. noong dekada nobenta hanggang sa kasalukuyan.

Sa mga kabataan o may malay na noong dekada sitenta, bahagi na ng kanilang alaala ang mga pagsasalang-awit na tinawag noon nina Tito, Vic & Joey na “song-wrecking.” Tingnan bilang halimbawa ang ginawa nila sa popular na “Hey, Jude” ng The Beatles:

St. Jude, dalangin ko,
Makakita ng trabaho.
Si misis, pag siya ay nasa opis,
Ako’y naiiwan upang magla-la-la-lalaba
Lalalaba ng bra.

Maging ang na “Anak” na isang tanyag na OPM na likha ni Freddie Aguilar ay hindi napatawad nina Tito, Vic, & Joey. Nilapatan nila ito ng sariling “wrecking” na liriks na tinawag nilang “Anak ng Kuwan.” Narito ang ilang bahagi:

Nang isilang ka sa mundong ito,
Laking asar ng magulang mo
At ang kamay nila’y kinagat mo.
At ang lola at lolo mo
Di malaman ang gagawin,
Minamasdan, pangit nilang apo.
At sa umaga nama’y kalong ka
Ng iyong amang basang-basa sa iyo.

Buhay na buhay sa ganitong teksto ang sinaunang tradisyong pabigkas. Kahit ang seryoso at dakila ay namamanipula ng katutubo at subersibong siste. At sadyang wala itong pinipili, banyaga man o katutubong himig, basta’t popular, mapapalitan ng liriks. Nakahugpong din sa ganitong tradisyon ang ipinauso ni Michael V noong magtatapos ang siglo dalawampu, ang Music Tagalog Bersiyon o MTB. Kung isang pag-lampoon ang ginagawa nina Tito, Vic & Joey, isang literal na pagsasalin ang gimik ni Michael V., higit na nahahawig sa pakulo nina Dolphy at Panchito noong dekada singkuwenta at sisenta, gaya ng makikita sa “May isa na namang kumagat sa alikabok” na literal na salin ng “Another one bites the dust.”

Bago pa ang ganitong mga proyekto nina Tito, Vic & Joey at Michael V., nagsasaling-awit na ang mga politiko para sa kanilang jingles sa pangangampanya. Sino ang makalilimot sa mga awit pangangampanyang tulad ng “Let’s go na, let’s go na, let’s go na with Guingona” o “Sha-sha-sha, Leticia Ramos Sha-Shahani!” Dahil popular ang himig o melodiya, kagyat na nagkakaroon ng panghalina ang mga mensaheng inilululan lalo’t masiste o mapaglaro ang inilapat na liriks. Sa ganitong proseso, sadyang nagaganap ang naturalisasyon. Kabalintunaang masasabi na isang orihinal na saling-awit ang nalilikha. Tulad ng nangyari sa “Ang Pasko ay Sumapit,” kung mahusay ang pagkakaakma sa wika at kulturang pinaglipatan, hindi na nahahalata ang pagiging saling-awit.

Isang popular na awit noong kalagitnaan ng dekada singkuwenta, at marahil naaalala pa rin ng marami sa ngayon, ang “Makapangyarihan” o lalong kilala bilang “O, Pag-ibig na Makapangyarihan.” Marami ang nag-aakala na isa itong orihinal na awiting Filipino. Marahil may nag-aakala rin, lalo na yaong walang ganap na pagkagagap sa kasaysayan at tradisyon ng awit at tulang Filipino, na ang liriks nito ay tuwirang hango sa dakilang obra ni Francisco Balagtas, ang *Florante at Laura*. Ngunit isang alusyon lamang ito sa tunay na sinabi ng tauhang si Aladin sa nasabing akda ni Balagtas: “O, pagsintang labis ng kapangyarihan, / Sampung mag-aama’y iyong nasasaklaw; / Pag ikaw ang nasok sa puso ninuman, / Hahamaking lahat, masunod ka lamang.”

Sa siniping saknong ni Balagtas, inuusig ni Aladin ang kapangyarihan ng pag-ibig. Wala itong pinatatawad kaya’t kahit mag-ama ay maaaring maging magkaribal, tulad ng nangyari sa kaniya at sa ama niyang si Sultan Ali-adab. Kapuwa sila narahuyo sa kariktan ni Flerida. Hindi ganito ang diwa ng “O, Pag-ibig na Makapangyarihan.” Sa awit na ito, inihihimutok ng persona

o nagsasalita ang ligalig na dulot sa kaniya ng makapangyarihang pag-ibig. Narito ang buong liriks:

O, pag-ibig na makapangyarihan,
Pag pumasok sa puso ninuman,
Hahamakin pati kasawian,
Masunod lamang ang minamahal.

O, pag-ibig sana'y iyong itangi
Ang puso kong malaon nang sawi
At ayaw kong lumuha pang muli,
Kalulwa'y lunod na sa pighati.

Yaring buhay kaya lang may ligalig,
Dahil sa iyo, pag-ibig.
O, pag-ibig, o, pag-ibig,
Pang-abala ka sa isip.

Ngunit kahit ka ganyan,
Magtitiis pa rin
Pangkat ang puso kong ito ay may minamahal
Na di magmamaliw sa buhay kong ito magpakailan pa man.

Ang totoo, lalong iigting ang bisa ng mga bersong ito ni Celerio kung maisasaalang-alang ang malaking impluwensiya sa kaniya ng idolo niyang si Jose Corazon de Jesus, ang Unang Hari ng Balagtas at maituturing na pinakadakilang makatang Filipino sa unang tatlong dekada ng siglo dalawampu. Ang diwa ng pagtitiis alang-alang sa pag-ibig na namamayani sa liriks ni Celerio ay alingawngaw ng dakilang pahayag sa tula ni Batute: “Ang pag-ibig ay may mata, ang pag-ibig ay di bulag, / ang marunong na umibig, bawat sugat ay bulaklak.”²⁷

Isang saling-awit ang “O, Pag-ibig na Makapangyarihan.” Ngunit dahil sa liriks na likha ni Celerio, na sumusunod sa dakilang tradisyon ng pagpapahalaga sa pag-ibig, wala na halos makapuna na isang saling-awit nga ito. Orihinal na kantang Kastila, isang tango kung tutuusin,

²⁷ Jose Corazon de Jesus, “Pag-ibig” sa Virgilio S. Almario, pat. *Jose Corazon de Jesus: Mga Piling Tula* (Maynila: Aklat Balagtasyana, 1984), 77.

komposisyon ito nina Francisco Canaro at Juan Andres Caruso noon pang dekada tatlumpu.

Narito ang orihinal na unang saknong sa Kastila:

Eche amigo, nomas, echeme y llene
Hasta el borde la copa de champan,
Que esta noche de farra y alegria
El dolor que hay en mi alma quiero ahogar.

Hinihiling ng persona o nagsasalita sa tulang-awit na ito na buhusan pa ng sampan ang kaniyang kopa sapagkat ibig niyang lunurin ang kalungkutan ng kaniyang kaluluwa. Higit na malapit dito ang naunang saling-awit ng kantang ito rin sa Ingles, ang “My Last Cup” na isinaplaka ni Carmen Perina, popular na mang-aawit noong dekada singkuwenta. Gayunman, ang letrang Tagalog ni Levi Celerio ang higit na naging tanyag at nakipagmatagalan sa kasaysayan hanggang sa magmistula o maituring itong orihinal na awiting Filipino. Sa Long Playing Album ni Celeste Legaspi na *Bagong Plaka, Lumang Kanta* noong 1979, kabilang ang “O, Pag-ibig na Makapangyarihan” sa medley diumano ng mga katutubong awiting Filipino.

Paglalogom: Ang Orihinalidad ng Salin

Sa pangkalahatan, isang balintunang proseso ang pagsasalin. Sa pagsisikap na mailipat sa ibang wika ang isang teksto, nakalilikha ng bagong teksto na bagaman inihawig sa nauna ay may hayag na pagkakaiba kaya’t ibang teksto na talaga. Sa pagsasaling-awit, may sumusupling na teksto mula sa orihinal na teksto. Ngunit dahil natatakda ang pagsupling ng mga pamantayang kultural ng wikang pinaglilipatan, nagaganap ang naturalisasyon.

Bahagi at lumago sa dakilang panahon ng tradisyong pabigkas sa Filipinas, sinaunang praktis na ang pagsasaling-awit o ang paglalapat ng tula o liriks sa isang popular o pamilyar na himig o melodiya. Bagaman anyo ito ng pagsasalin, hindi ito tuwirang salin ng orihinal na teksto. Bunga ng pakikipagbuno sa limitasyong itinatakda ng kaibhan sa kalikasan ng wikang mulaan at

ng tunguhang wika., higit na malikhain sa halip na mangongopya lamang ang tagapagsaling-awit. Bagaman hindi niya layuning palitan ang orihinal, at totoo namang dahil sa popularidad ng orihinal kaya siya lumikha ng salin, may pagkakataong nahihigitan ng kaniyang saling-awit ang tinamong tagumpay ng orihinal sa wika at kulturang pinagsalanan.#

PAUNAWA

**Hindi maaaring sipiin nang buo o baha-bahagi
Nang walang nasusulat na pahintulot mula sa may-akda.
Maaari siyang maabot o mapadalhan ng mensahe sa mcoroza@ateneo.edu.**

Pasasalamat kina

**Gng. Sonia M. Roco
Roco Foundation**

**Kgg. Sigfrido R. Tiña
Punong-Lungsod ng Taguig**

**Kgg. Dante O. Tiña
Retiradong Hukom ng Korte Suprema**